

Distrito ng Mataas na Paaralan ng Unyon ng San Mateo Union
Pagpapahayag na Kinikilala ang Oktubre 1-31, 2026 bilang Buwan ng Kasaysayan ng
Pilipinong Amerikano

SAMAKATUWID, ang pagdiriwang ng Buwan ng Kasaysayan ng mga Pilipinong Amerikano tuwing Oktubre ay ginugunita ang unang naitalang pagkanaririto ng mga Pilipino sa kontinental na Estados Unidos, na naganap noong Oktubre 18, 1587, nang dumating ang mga mandaragat na Pilipino sa lugar na ngayon ay Morro Bay, California. Noong 1992, sinimulan ng Filipino American National Historical Society ang taunang paggunitang nakatuon sa nakaraan ng ating bansa sa pamamagitan ng mga naitulong pangkabuhayan, pangkalinangan, panlipunan, malikhaing at iba pang mahahalagang tulong ng mga Pilipinong Amerikano sa Kasaysayan ng Estados Unidos; at

SAMAKATUWID, noong 2009, kinilala ng Kongreso ng U.S. ang Oktubre bilang Buwan ng Kasaysayan ng mga Pilipinong Amerikano sa Estados Unidos; at

SAMAKATUWID, ang pamayanan ng Pilipinong Amerikano ay bumubuo ng ikatlong pinakamalaking Asyanong Amerikanong pinagmulan sa Estados Unidos. Ang mga Pilipino ang pangalawang pinakamalaking pangkat ng Asyanong Amerikano sa California, ayon sa 2020 US Census. Tinatayang 400,000 Pilipinong-Amerikano ang naninirahan sa Bay Area. Tinatayang may 80,000 Pilipino ang naninirahan sa County ng San Mateo, ayon sa 2023 American Community Survey. Mahigit limang porsyento ng mga mag-aaral ng San Mateo Union High School District (454) ay Pilipino; at

SAMAKATUWID, ang kasaysayan ng Pilipinong Amerikano ay mayaman sa mga makapangyarihang tinig at kilusan, kabilang ang makapangyarihang gawain ni Larry Itliong (tagapagtatag ng paggawang Pilipinong Amerikano at aktibista ng karapatang pangmamayanan sa estado ng California) na nagtaguyod ng kaalamang ang laban para sa karapatan ng mga manggagawa sa bukid ay hindi lamang tungkol sa pagpapabuti ng kanilang sariling kalagayan, kundi tungkol sa pagtatayo ng mas makatarungang lipunan para sa lahat; at

SAMAKATUWID, kinikilala rin namin ang maraming paraan kung paano lumikha ang mga Pilipinong Amerikano ng mga panahon at programa upang mas mapabuti ang ating mga pamayanan; at

SAMAKATUWID, sa mga salita ni Dr. Dawn Mabalon, isa sa mga nangungunang dalubhasa ng kasaysayan ng Pilipino Amerikano, kinikilala namin na ang Buwan ng Kasaysayan ng Pilipinong-Amerikano ay "napapabilang sa pamana at kalinangan, ngunit ito rin ay tungkol sa mga salaysay kung paano binago ng pamayanan ng [Pilipinong-Amerikano] ang bansang ito at ang ating sarili sa pamamaraan -- [ang mga pampulitikang pakikibaka, pagbabago, paggawa, pangingibambayan, aktibismo, bunga ng imperyalismo at digmaan, mga tagumpay, atbp.] -- samantalang ang 'pamana' ay mas may hangganan lamang sa ipinapasa ng [mga Pilipinong-Amerikano] sa larangan ng kalinangan, kaugalian, pamana; " at

SAMAKATUWID, mahalaga para sa mga kabataang Pilipinong Amerikanong magkaroon ng kanais nais na huwaran at itanim sa kanila ang kahalagahan ng pag-aaral, na sinamahan ng yaman ng kanilang kalahian at mga pagpapahalaga ng kanilang pamana; at

SAMAKATUWID, dapat ipagpatuloy ang mga pagsisikap upang itaguyod ang pag-aaral ng kasaysayan at kalinangan ng Pilipinong Amerikano, na itinakda sa layuning pananalita ng Filipino American National Historical Society: itaguyod ang pag-unawa, pag-aaral, kaliwanagan, pagpapahalaga at pagpapayaman sa pamamagitan ng pagtukoy, pagtitipon, pagpapanatili at pagpapalaganap ng kasaysayan at kalinangan ng mga Pilipinong Amerikano sa Estados Unidos; at

SAMAKATUWID, may mahalagang tungkulin ang San Mateo Union High School District na magtuon sa pag-aaral ng mga mag-aaral at ng mas malawak na pamayanan tungkol sa kasaysayan, kaugalian, at pagkakaiba-iba ng pamayanan ng Pilipinong Amerikano. Sa aming mga paaralan, ipinagdiriwang namin ang buwan sa pamamagitan ng iba't ibang kapisanan ng mag-aaral na Pilipino at samahan (kabilang ang mga kapisanan sa Aragon, Burlingame, Capuchino, Hillsdale, Mills at San Mateo High Schools) na nagpapalaganap ng kahalagahan at pagdiriwang ng kakayahang makita at pagkakinatawan ng Filipino American History Month. Kasama sa mga kaganapan ang mga tagapagsalita at pagdiriwang kung saan inaanyayahan ang lahat ng mag-aaral at guro na lumahok; at

SAMAKATUWID, ipinapakita ng pinakabagong pagsusuri ng Panorama na 81 porsyento ng mga mag-aaral na Pilipino ng SMUHSD ay nag-uulat na nararamdaman nila ang pagiging kabilang sa paaralan kung ihahambing sa 79 porsyento ng mga mag-aaral ng SMUHSD sa kabuuan, kinikilala namin ang aming tungkulin bilang Distrito na pagbutihin ang mga bungang ito para sa lahat ng mag-aaral at nakikita naming ang Buwan ng Kasaysayan ng Pilipino-Amerikano bilang pagkakataon upang itampok ang datos na ito at tulungan ang mga mag-aaral na Pilipino na maramdaman nang mas mabuti ang pagiging kabilang na makakatulong naman sa ibang mga mag-aaral na maramdaman ang pagiging kabilang; at

KAYA'T NGAYON, NAPAGPASYAHAN na ipahayag ng San Mateo Union High School District ang Oktubre 1-31, 2026 bilang Buwan ng Kasaysayan ng mga Pilipinong Amerikano at hinihikayat ang lahat ng naninirahang parangalan ang kasaysayan at kalinangan ng Pilipino Amerikano.

DISTRITO NG MATAAS NA PAARALAN NG SAN MATEO UNION

Ipinasa at Pinagtibay sa ika-24 na araw ng Setyembre, 2026



Superintendent

Teri Chavez

Pangulo ng Lupon